PAHAYAG MULA KAY KEITH KNOX, TESORERA AT TAGAKOLEKTA NG BUWIS, TUNGKOL SA PAGKANSELA NG MULTA NA MAY KAUGNAYAN SA COVID-19

Pahayag sa Ibang mga Wika

Naiintindihan ko na patuloy na isang napaka-nakababahalang oras para sa lahat ang krisis sa kalusugan ng publiko, at nakatuon ang aking tanggapan sa pagtulong sa anumang paraan na aming makakaya. Mayroon kaming mahabang kasaysayan ng pakikipagtulungan sa mga residente at mga may-ari ng ari-arian sa mga panahon ng emerhensiya, kabilang ang ating kamakailan na mga wildfire. Hindi eksepsyon ang krisis ng COVID-19. Kung naapektuhan ka sa krisis ng COVID-19, maaaring mayroon kang nakansela na huling mga multa kung hindi mo nabayaran ang mga bill ng iyong buwis sa ari-arian sa petsa ng pagiging delingkuwensya.

Pinapayagan ako ng batas ng estado na isaalang-alang ang mga pangyayaring lampas sa kontrol ng nagbabayad ng buwis, na humadlang sa napapanahong pagbabayad ng mga buwis ng ari-arian. Gusto kong isaalang-alang ang mga pangyayaring nauugnay sa COVID-19 na nakaapekto sa iyo.

Simula sa araw pagkatapos ng petsa ng delingkuwensya para sa mga bill sa buwis ng ari-arian, nagsimulang tumanggap ang aking tanggapan ng mga Kahilingan sa Pagkansela ng Multa (kahilingan) na nauugnay sa COVID-19 sa aming website. Kung mayroon kang tiyak na mga katanungan ukol sa bagay na ito, mangyaring suriin ang Mga Madalas Itanong na ito (FAQs). FAQs sa Ibang mga Wika

Kung naapektuhan ka sa krisis ng COVID-19, dapat mong kumpletuhin at isumite ang isang kahilingan sa online para sa bawat isang bill ng buwis, kabilang ang detalyadong pahayag kung paano ka hinadlangan ng krisis ng COVID-19 mula sa paggawa ng napapanahong pagbabayad. Kung hindi mo ito magawa sa online, dapat kang makipag-ugnay sa aming tanggapan sa (213) 974-2111 upang kumpletuhin ang iyong kahilingan.

**Kung kaya mong bayaran ang halaga ng base tax na dapat bayaran sa ngayon, mangyaring gawin mo. Bilang karagdagan, tumatanggap ang aking tangapan ng paunang mga pagbabayad, kung hindi mo kayang bayaran ang buong halaga ng base tax na dapat bayaran nang minsanan.**

Habang pinoproseso ng aking tanggapan ang mga kahilingang nauugnay sa COVID-19, walang ipapatupad sa iyong dapat bayarang halaga ng buwis sa ari-arian na mga multa, interes, gastos o bayarin. **Mangyaring huwag mabahala kapag pumunta ka sa online o makatanggap ka ng paunawa/pahayag mula sa aming taggapan at makita ang mga multa na ito na naidagdag sa (mga) buwis ng ari-arian para sa pangalawang pagbabayad – hindi ito nangangahulugan na tinanggihan namin ang iyong kahilingan. Patuloy kang makatatanggap ng awtomatikong mga abiso sa delingkuwensya/pagpalya sa buwis ng ari-arian, kasama ang paparating na Pahayag ng Naunang Mga Buwis ng Taon, mula sa aming tanggapan hanggang sa maproseso namin ang iyong kahilingan.**

Susuriin namin ang bawat kahilingan sa indibidwal na mga pangyayari nito. Makikipag-ugnay kami sa inyo kung kailangan namin ng karagdagang impormasyon upang suportahan ang isang kahilingan, o upang magbigay ng mga opsyon sa pagbabayad at

takdang panahon sa iyo, sa sandaling matukoy namin ang kalalabasan ng iyong kahilingan.  Mangyaring tandaan na hindi kami biglaang tatawag at humingi ng sensitibong personal na impormasyon sa telepono.  Hinihiling ko ang inyong pasensya ukol sa mga panahon ng pagproseso habang inaasikaso namin ang mga kahilingang ito.

Salamat.